

We hold fast on the promises of God in our lives because His plans are greater than what we can ever imagine.

VOICE OF THE VISION



Rev. Dr. William G. Sy
UCF Head Pastor

The Purpose and Plans of God to your Future



Jeremiah 29:11-13 (NKJV)

"For I know the thoughts that I think toward you, says the Lord, thoughts of peace and not of evil, to give you a future and a hope. ¹²Then you will call upon Me and go and pray to Me, and I will listen to you. ¹³And you will seek Me and find Me, when you search for Me with all your heart."

Introduction

God's Wonderful Plans

Three Aspects of God's Plans for your Future

For I know the thoughts that I will think toward you, says the Lord.

Isaiah 55:8-9 (NKJV)

"For My thoughts are not your thoughts, Nor are your ways My ways," says the Lord. ⁹"For as the heavens are higher than the earth, So are My ways higher than your ways, And My thoughts than your thoughts."

1. The thought of peace and not of evil, to give you the hope and the future

John 10:10 (NKJV)

I have come that they may have life, and that they may have it more abundantly.

2. Prayer is the key

"Call upon Me and pray, and I will listen to you."

Matthew 7:7 (NKJV)

"Ask, and it will be given to you; seek, and you will find; knock, and it will be opened to you."

3. Seek Me and find Me

"When you search for Me with all your heart."

Matthew 6:33 (NKJV)

But seek first the kingdom of God and His righteousness, and all these things shall be added to you.

Challenge

Proverbs 29:18 (NKJV)

Where there is no revelation, the people cast off restraint; But happy is he who keeps the law.

"Where there is no vision, people perish."

Hebrews 12:2 (NKJV)

Looking unto Jesus, the author and finisher of our faith, who for the joy that was set before Him endured the cross, despising the shame, and has sat down at the right hand of the throne of God.

"The limitation of God is your limitation. If your faith is limitless, the power of God is limitless as well."



Rev. Dr. James Sy
December 23, 2019

"We get weary but we will endure because we set our eyes on Jesus Christ. We set our eyes on our eternal reward."



Rev. Ryan Christian Tabay
April 26, 2022

Daluyan ng pagpapala ng Panginoon

Hawak ang pangitaing ibinigay ng Panginoon sa panambahang Kaniyang tinawag ang UCF ay humayo at umabot sa mga kapatid na natin sa Panginoon upang abutan ng mga biyaya mula sa Diyos para sa UCF Misyon 2022.

Ang mga manggagawa ng panambahan ay buong puso at katapatan na nagpagamit para sa ministryo ng Diyos upang magbigay ng tulong sa mga panambahan sa Catanauan, Quezon Province. Mula sa mga biyayang

ating natanggap sa Diyos, ito rin ang ating ibinahagi sa ating mga kapatid sa Panginoon hindi lamang upang tugunan ang kanilang mga pisikal na pangangailangan bagkus higit lalo upang kanila ring mapalago ang paglilingkod nila sa Diyos at ang kanilang mga talento rin ay kanilang mapaghusay para sa kaluwalhatian ng ating Panginoon.

Purihin ang Panginoon sa oportunidad upang maging pagpapala sa iba!

PAGHAHANDA



Ang lahat ay tulong-tulong na nag-ayos ng mga kagamitan na dadalhin sa misyon.



Dala-dala ang pusong handang maglingkod, ang mga manggagawa ng UCF ay nagprepara para sa kanilang mga gampanin sa gawaing ito.

“Nilu-look forward ko kung paano tayo gagamitin ng Lord sa Misyon, hindi lamang sa pagbabahagi ng mga Bible, grocery at ng instrument pero magbabahagi rin tayo ng mga blessing kung paano tayo na-bless ng Lord sa mga talent na mayroon tayo sa church.”

SIS. SAMANTHA INIEGO



Sa pangunguna ni Rev. Dr. William Sy, ang kalalakihan ay namili ng mga sariwang pagkaing-dagat at karne para sa salu-salo. Ang ilang mga manggagawa naman ay nagluto ng mga masasarap na pagkain sa buong misyon.

John 15:12 (NKJV)

“This is My commandment, that you love one another as I have loved you.”

PRAISE & WORSHIP

Kasama ang kapwa mga kapatid sa Panginoon, ang lahat ay nagbigay ng kanilang mataas na papuri at pagsamba sa ating Diyos na buhay. Sa pamamagitan ng pag-awit at pag-indak, nalugod ang Panginoon sa naitaas na karanganan sa Ngalan Niya.



“

Una sa lahat, gusto ko magpasalamat sa Panginoong Diyos na buhay na talagang kumilos sa ating Misyon. Ang natutunan ko this time ay ang pagtugon natin doon sa tawag ng Panginoon. Kasi isa iyon sa mahalagang character ng isang mananampalataya—ang pagtugon natin doon sa gawain kung saan tayo tinawag ng Diyos.

BRO. NOE AMANCIO



Hatid naman ng UCF Dance Department ang isang aralin patungkolsa tambourine. Layunin nito na maibahagi ang kaalaman at talento upang ang bawat panambahan ay lalong lumalim sa Panginoon bilang isang malakas na grupong magbibigay parangal kay Hesus.



“

Nagpasalamat kami na Isa kami sa naturuan ng tambourine. Nawa'y ma-enhance at mapalawak pa namin ang mga natutunan namin at nawa'y magamit pa namin ito para maparangalan si Lord.

SIS. JENNY UMALLE
JESUS SALVATION TO ALL MEN CHURCH



Ang paggamit ng tambourine ay isang kaparaaan upang magdiwang, sumamba at magbigay papuri sa Diyos.

Therefore comfort each other and edify one another, just as you also are doing.

1 Thessalonians 5:11 (NKJV)

BAND WORKSHOP

Ang mga manggagawa sa Band Department ay malugod na ibinahagi ang kanilang abilidad at mga kaalaman sa pagtugtog ng mga instrumento sa iba pang mga kapatiran na nakiisa at nagnanais na pagyabungin pa ang kanilang mga talento na ibinigay ng Panginoon.



Ang kapatiran sa Panginoon na nagmula sa iba't-ibang panambahan ay maligayang natuto at pinagbuti pa ang kanilang mga talento sa pagtugtog ng musika.

“ Nakatulong sa akin ang workshop sa pamamagitan ng maibibigay ko pa ang mas maayos na pagtugtog, paglilingkod sa Panginoon at ganoon din matutulungan ko ang mga kapatid ko sa Panginoon.

BRO. KENT LUIS YUBIN
(JESUS SALVATION TO ALL MEN CHURCH)



Sa pangunguna ni Rev. Dr. James Sy kasama ang iba pang mang-aawit sa choir ay nagkaroon din sila ng pagbabahagi at pagtuturo patungkol sa musika at tamang pag-aawit na magiging kagamit-gamit para sa kanilang pagsamba sa Panginoon.

“


Nakatulong ang workshop tungkol sa pagging song leader. Nakatulong ito sakin para mas mapalago pa ang pagkanta ng kabataan na katulad ko sa aming church at para mas mapaglingkuran pa ang Panginoon.

SIS. TRINA PEÑAREDONDA
(LORD OF THE HARVEST)



CHOIR WORKSHOP

MULTIMEDIA WORKSHOP



Ipinaliwanag ng maayos ng mga manggagawa ng bilang tagapagtulungan ng Kaniyang Salita na tunay na makatulong para sa pagkilala ng mga tao sa Diyos kahit nasaan man silang parte ng mundo.

Multimedia ang paggamit ng social media bilang tagapagtulungan ng Kaniyang Salita na tunay na makatulong para sa pagkilala ng mga tao sa Diyos kahit nasaan man silang parte ng mundo.

“ Ang natutunan ko dito sa workshop bilang kabataan ay ang paggamit ng Canva. Nakakawili ito kasi may mga feature iyon na makakatulong upang maikit ang mga tao na basahin ang nilalaman ng gagawin ko.

SIS. ANGELIKA PEÑAREDONDA
(HEALING IN HIS WINGS INTERNATIONAL MINISTRY)



Hebrews 13:16 (NKJV)

But do not forget to do good and to share, for with such sacrifices God is well pleased.

PAGBIBIGAY

Ang mga panambahan ay hinandugan ng mga grocery pack para sa mga pangunahin nilang mga pangangailangan tulad ng bitamina, bigas, de lata, noodle at iba pa. Namahagi rin ng mga Bibliya at keyboard na kanilang maibabahagi sa mga miyembro nila na makakatulong upang mahikayat sila na lalo pang lumago sa Panginoon.

“

Purihin ang Panginoon! Napakapalad namin sapagkat dinayo niyo kami rito sa Catanauan. Kami ay nagpapasalamat sa Diyos sapagkat ang team ng UCF ay ginagamit ng Diyos para mapalakas pa ang body of Christ dito sa munisipyo ng Catanauan. Salamat sa Panginoon!

**PTR. RENATO GERMAN
(WORD OF LIFE)**



Walang pagsidlan ang galak ng mga tumanggap sa biyaya ng Diyos.



Ang ngiti sa kanilang mga mukha sa pagtanggap ng mga handog ay hindi mapapantayan dahil ang Diyos ang higit na nalugod sa gawaing ito.



“

Ito ay isang malaking pagpapala, hindi lamang sa aming mga pastor kung hindi sa aming buong body of Christ, lalong lalo na dito sa Catanauan. At salamat sa Panginoon dahil God sent somebody who could be with us in fellowship and in other things. Thank you. Praise God!

**PTR. JOSEPH ACANTILADO
(WORD OF LIFE)**



Malaki ang kanilang pasasalamat sa Diyos para sa biyayang Kaniyang ibinigay sa pamamagitan ng UCF.

Romans 15:7 (NKJV)

Therefore receive one another, just as Christ also received us, to the glory of God.

Napuno naman ng galak at pasasalamat ang lahat sa isang espesyal na pagpupugay na inihanda para sa mga pastor ng Catanauan, Quezon. Napuno ng patotoo, awitan at tутугuan para sa Diyos ang gawain na siyang nagbigay ng kaluwalhatian sa Panginoon.

FELLOWSHIP NIGHT



Busog ang katawan mula sa mga masasarap na handa ngunit higit na busog ang kanilang espirituwal na katawan sa naging karanasan nila sa gawaing ito.

“I feel blessed sa mga testimony na binahagi ng mga pastor kung paano sila nag-stand firm sa faith nila kahit na ang daming mga struggle na pinagdaanan nila lalo na sa klase ng community na mayroon sila. Dahil dito, mas na-encourage akong magpatuloy sa paglilingkod sa Diyos.”

SIS. NORIEL VICTORIA TOLENTINO



Malugod na nagsama-sama ang lahat upang buong pusong magbigay ng papuri at pagsamba sa Panginoon para sa Kaniyang kadakilaan sa buhay ng bawat isa.



Ang mga pastor ay nagbahagi ng kanilang mga patotoo kung paano sila nagsimula sa kanilang paglilingkod sa Diyos at ang kanilang naranasan sa Panginoon na tunay na naging inspirasyon sa lahat.

“Naging inspirasyon sa akin ang mga testimony ng mga pastor. Dahil sa kanilang mga experience ay nagkaroon din ako ng lakas ng loob na ito ay magamit sa paglilingkod sa Panginoon kaya ibinabalik ko ang papuri at pasasalamat sa Panginoon.”

BRO. ERNIE HERMOSA



1 Peter 4:9 (NKJV)

Be hospitable to one another without grumbling.

ISANG PAMILYA NG DIYOS

Malugod na nagsama-sama ang mga manggagawa ng UCF at ang mga miyembro ng mga panambahan sa Catanauan upang magbigay papuri at pagsamba sa Panginoon. Naging oportunidad din ito upang higit na magkakilanlan ang bawat isa. Mga patotoo ng kanilang karanasan sa Diyos ang kanila ding ibinahagi. Hindi rin mawawala ang masayang pagsasalu-salo sa mga inihandang masasarap na pagkain.



Ang mga kapatid natin sa UCF ay buong sigla at buong init din ang pagtanggap sa mga tao. Kanilang kinapanayam at kinamusta ang bawat isa. Palitan ng mga masasayang kuwento at hamon ng buhay bilang isang lingkod ng Diyos ang baon ng UCF!

“

Masaya ako na nakausap ko ang mga pastor mula sa Catanauan dahil nalaman ko kung paano sila nanatiling matatag sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Sa pamamagitan nito, lalo akong na-inspire upang maglingkod sa Diyos.

SIS. AIRA TOLENTINO



Ang mga butihing pastor ng UCF at mga pastor sa Catanauan ay sama-sama sa gawain. Lubos ang kagalakan at taos-pusong pasasalamat ng lahat sa tulong na ibinahagi ng panambahan ng UCF. Tunay na dakila at buhay ang Diyos!



“

Nagagalak ang aking puso na nakasama ko ang aking mga kapatid sa Panginoon ngayong Misyon. Lubos din ang aking pasasalamat sa Diyos para sa buhay ng mga pastor sa Catanauan na aming nakasama sa maikling panahon.

SIS. RAIZA MALIGANG



Bakas naman ang galak ng kapatiran dahil sa munting oras ay nagsama-sama sila. Bukod sa iisang layuning tumulong ay pasasalamat din sa Panginoon ang kanilang tinuruan para sa isang mapagpalang gawain ng Diyos.

1 Peter 4:8 (NKJV)

And above all things have fervent love for one another, for “love will cover a multitude of sins.”

Salamat,
Panginoon

Pagtatanim ng mabubuting gawa

Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay Kaniyang inaasahan na makiisa sa mabubuting gawa. Isang oportunidad ang Misyon 2022 na isinagawa sa mga panambahan ng Catanauan, Quezon Province upang maibahagi ang pagtulong sa kapatirang nagpapatuloy sa kanilang pananampalataya sa ating Diyos. Halu-halang galak at sabik ang laman ng kanilang mga puso nang kanilang ibinahagi ang mga naging karanasan sa nagdaang gawain.



Nagpapasalamat ako sa Panginoon sapagkat isang malaking kagalakan na dumating ang ganitong grupo sa amin at alam namin na ito ay isang pagpapala ng Diyos sa amin. Malaking tulong ito para sa gawain ng Panginoon at alam namin na ito ay isang pribilehiyo ng Diyos sa bawat isa sa amin. Salamat at nagpupuri ako sa Panginoon!

Rev. Mario Aienza

BENEFICIARY (DOOR OF FAITH)



Ang aking ipinagpapasalamat sa Panginoon ay ginamit kayo ng Diyos sa pagkakataon na ito. Ang mga pastor ng Catanauan ay inyong pinagpala. Salamat sa inyong buhay na naging daan para i-bless ang mga Catanauan pastor. Ipinagpapasalamat ko din po ang inyong dedikasyon sa gawain ng Panginoon para sa mga workshop tulad ng pag-improve o pagyabong ng isang manunugtong. Maraming salamat sa inyong buhay at naging pagpapala kayo sa amin. Maraming salamat sa inyong pagpapagal para sa amin.

Ptr. Gilbert Anastacio

BENEFICIARY (LIVING FAITH FELLOWSHIP)

Unang una, nagpapasalamat talaga ako at ang lahat ng mga pastor ng Catanauan sa Panginoon dahil masaya kami na nakasama namin kayo, nagkita kita tayo at nagkasama-sama din. Masasabi ko na ang grupo ninyo ay malaking pagpapala sa amin at sa mga member ng church. Bilang pastor ay may isa akong church, ngunit dahil pioneering ang mga member ay hindi pa rin sila sanay sa mga instrumento. Malaking pagpapala sa amin na ang UCF ay narito upang maturuan at magabayaan sila sa pagtugtug ng drum, organ, at sa pagwo-worship lead. Talagang kailangan na kailangang namin iyon kaya masaya kami na nakasama dito. Noong nabalitaan namin na darating kayo dito, lagi na namin kayong pinagpi-pray na walang maging hadlang o balakid sa gawain.

Ptr. Nicanor Damian

BENEFICIARY (LORD OF THE HARVEST)



Ang makarating kayo ay isang malaking pagpapasalamat na sa Panginoon. Kayo ay ligtas at nadalaw ninyo ang Bondoc Peninsula. Salamat sa Panginoon at inilagay Niya sa puso ninyo na kayo ay makapag-misyon sa lugar na ito. Bilang Chairman ng Bondoc Peninsula, nagpapasalamat ako na nakadaupang palad namin ang aming mga kamanggagawa. Ang dinala niyo ritong pagtuturo ng music ay isang malaking ambag para sa mga church dito. Kung mapapansin ninyo, kami dito ay halos mga independent church at mga nasa liblib na lugar. Kaya nagpapasalamat kami kay Ptr. William Sy sa kaniyang napakalaking puso na gawin ang ganitong misyon para sa Bondoc Peninsula.

Ptr. Joey Garapat

BENEFICIARY (THE RESURRECTION AND THE LIFE CHRISTIAN FELLOWSHIP)



Nagpapasalamat ako dahil nakita ko na itong gawain ninyo ay nakapagbigay ng encouragement lalo sa mga pastor na kasama namin dito sa bayan ng Catanauan na kung saan matagal din ang panahon na ang aming pagbububo dito ng samahan ay hindi naging madali. Pero nakita namin na sa pamamagitan nito ay mas lalo kaming naging malakas at matibay dahil mayroong mga ginagamit ang Diyos gaya ninyo at kagaya ni Ptr. William. Nakita ko na siya ay ginamit ng Diyos para maidala ang encouragement sa amin dito, hindi lamang sa mga bagay na materyal kung hindi ay pagpapalakas na espirituwal din bilang mga lingkod. Nagpapasalamat ako sa lahat at binabalik ko ang papuri sa Panginoon!

Ptr. Arman Casipe

BENEFICIARY (INTERNATIONAL CHRISTIAN LIFE CENTER)

I'm thankful to God sa buhay ninyo at sa grupo ng UCF Misyon sa pangunguna ni Ptr. William Sy. Sa totoo lang, ang tingin ko dito ay isang malaking pabor ng Diyos sa amin na kaming mga Catanauan pastor ay napili ninyong i-bless. Salamat sa Diyos sa blessing na kayo'y naparito. Hindi ako emotional pero grabe ang joy sa heart ko sabi ko, 'Lord, napakabuti mo.' Hindi ko ma-express ang kagalakan sa heart ko kasi sabi ko ang mga Catanauan pastor ay laging nagpi-pray kaya talagang tumugon ang Lord sa prayer namin. At salamat din sa ginagawang training sa young people. Iyan ang kulang na kulang na ang mga young people ay ma-train sa pagtugtug ng iba't ibang instrumento. Higit sa lahat, iyong espirituwal kasi, iyong makadaupang palad ang katulad ninyo is a great blessing to us. Salamat. Purihin ang Diyos!

Ptr. Bernardo Aguilar

BENEFICIARY (KINGDOM HARVEST MISSION)



Proverbs 22:9 (NKJV)

He who has a generous eye will be blessed, For he gives of his bread to the poor.

Nagpapasalamat kami sa grupo ng UCF na patuloy na ginagamit ng Panginoon para magdala ng pagpapala. Salamat sa workshop na ginanap dahil malaki ang maitutulong nito sa mga kabataan na aming pinadalo. Nagpapasalamat kami sa Panginoon dahil nakasama namin ang UCF Church na galing pang Maynila. Sa Diós ang papuri at pasasalamat!

Ptr. Lauro Alday
BENEFICIARY (JESUS SALVATION TO ALL)



Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa Panginoon kasi nagkaroon ng ganitong gawain sa Catanauan, Quezon. Napakalaking tulong ng workshop na ito para mas marami pang kabataan ang lumago sa kanilang paglilingkod sa Panginoon. Nag-involve sila sa music at the same time habang nagpapagamit sila sa Panginoon sa pamamagitan ng music ay dini-disciple sila. Then, kapag tumagal na doon mo na makikita kung saan talaga ang calling nila and tiyaka sila isi-send. Kaya napakalaking tulong nitong ministry na ito sa amin, hindi lang sa mga pastor kung hindi sa mga worker namin sa church.

Ptra. Ma. Noli Alday
BENEFICIARY (JESUS SALVATION TO ALL MEN)



Nagpapasalamat ako sa Lord kasi ang aming church ay napagdausan ng ganitong gawain. Answered prayer rin kasi nagpi-pray talaga kami na ma-enhance pa ang talent ng aming praise and worship team para lalo pa silang magamit ng Panginoon at sa pamamagitan ng kanilang mga talento ay mag-grow pa ang ministry ng Lord sa church na ito. Maraming salamat at kayo ay dumating sa aming lugar. Alam ko na ibi-bless kayo ng Lord at ibabalik Niya ang mga sacrifice niyo para makarating sa aming lugar kahit malayo. Alam kong hindi lang ito ang inyong mapupuntahan bagkus ay marami pang lugar, at sa pamamagitan pa ng buhay niyo ay marami pang mapapagpala dahil nakikita namin ang heart niyo sa misyon. Praise the Lord dahil napili niyo ang Living Faith Fellowship bilang pagdausan ng event na ito. Maraming salamat at we love you!

Ptra. Melani Anastacio
BENEFICIARY (LIVING FAITH FELLOWSHIP)



Nagpapasalamat ako sa Panginoon na kayo ay dumating dito sa aming bayan sa Catanauan. Napakalaking bagay ito sa mga pastor at mga manggagawa ng Diós na nandito ngayon dahil biyaya kayong malaki sa amin. Ang misyon ng UCF ay napakalaking tulong spiritually hindi lamang sa materyal na bagay. Ang papuri at pasasalamat ay sa Diós at sa UCF na buong puso at buong tiyagang nagsikap na makarating dito sa Catanauan, Quezon.

Ptr. Virgilio Peñaredonda
BENEFICIARY (HEALING IN HIS WINGS)



Nais naming magpasalamat kay Ptr. William at sa kaniyang church na kasama niya. Bihira kami dalawin dito ng mga katulad ninyo kaya ang ibang pastor kung papansin ninyo ay naiiyak sa tuwa. Ako naman ay gustong tumawa sa tuwa. Sobrang na-refresh kami dahil dito sa lugar namin ay kapag pastor ka, talagang dapat ay tinawag ka. Dahil unang una, wala naman kami dito ng katulad sa ibang probinsya na may mga factory at maraming trabaho ang tao. Karamihan ng mga member dito ay mga magsasaka at manggingisda. Kaya kung hindi ka talaga tinawag na pastor dito at may pamilya ka, sobrang hirap. Siyempre, salamat sa Panginoon na tinulungan Niya kami na makapagpatuloy sa Kaniya kahit na maraming struggle. Nagpapasalamat kami ng buong puso sa UCF at kay Pastor William. Kami ay sobrang na-refresh, na-bless at na-encourage.

Ptr. Federico Aguilar
BENEFICIARY (LORD OF THE HARVEST)



Nagpapasalamat ako dahil napili ninyo ang lugar na ito ng Catanauan. Nagpi-pray talaga kami ng ganitong gawain kasi dito sa lugar namin talagang kailangan na kailangan namin ng tulong, especially sa mga musician namin. Nabalitaan ko na mayroong training sa music. Isa sa passion ko rin ang makapag-raise ng maraming musician. Bilang pastor ay iyon talaga ang desire ng puso ko. Nagpapasalamat ako sa team ninyo na kuyo'y dinala ng Panginoon dito at naniniwala ako na sa panalangin namin ay kayo ang tugon. Nagpapasalamat din ako kasi na-meet ko ang bawat isa sa inyo. Salamat at Godbless, UCF!

Ptr. Ramces Rivarez
BENEFICIARY (TABERNACLE OF FAITH)



Ephesians 4:32 (NKJV)

And be kind to one another, tenderhearted, forgiving one another, even as God in Christ forgave you.

Sa katatapos lamang na UCF Misyon 2022, ilan din sa ating mga manggagawa ang nagpabatid ng kanilang pasasalamat, kagalakan at mga aral na tumatak sa kanilang puso at isipan na siyang nagaalab lalo ng kanilang pagmamahal sa Diyos. Narito ang kanilang mga patotoo na nagbibigay papuri at pagsamba sa buhay na Diyos na Siyang tumawag sa Kaniyang mga lingkod. Purihin ang Panginoong Hesus!

Ang natutunan ko na siyang mababaon ko sa paglilingkod ko sa Diyos sa mga susunod na panahon ay magtiwala at maniwala sa Panginoon na buhay at pinaglilingkuran natin. Habang naririnig ko ang mga kuwento ng mga pastor na nandirito, ang pagsisimula nila ay nakaka-inspire at nakaka-bless dahil mas pinili nilang maglilingkod sa Panginoon. Iyon ang nag-stir up sa Christian journey ko na kung sila ay nagpapatuloy, bakit ako hindi? Narinig namin kung gaano katapat ang Diyos sa buhay nila at sa panambahan nila kaya nakakatuwa na nakapag-exchange kami ng mga testimony. Ang pagga-gather at fellowship na naranasan natin dito ngayon ay siyang nagpapalakas din sa kanila at sa atin upang magpatuloy pa sa paglilingkod sa Panginoon.



Sis. Ma. Louzelle Jesalva
MISYON 2022 DELEGATE

Nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil sa pagkakataon na ibinigay Niya sa akin upang makasama sa Misyon. Isa sa mga bagay na dadalhin ko sa mga susunod na panahon ay magpatuloy sa pagpapagamit sa Panginoon. Sa mga experience ko sa bawat pastor, ang mga struggle at problema nila ay nalaman namin at natuklasan. Patuloy kaming magpapasalamat sa Panginoon dahil Siya ang tunay na magpo-provide at magbi-bless sa bawat isa. Iyong encouragement na nanggaling sa Panginoon ang tangi nating kailangan at magsisilbing kalakasan natin sa bawat araw at pangyayari sa ating buhay.



Sis. Ruth Caranguian
MISYON 2022 DELEGATE



Isa sa mga mahahalagang natutunan ko habang kausap ang mga pastor dito sa Catunauan ay kung paano sila nagsimula at kung paano sila nakapagtuloy kahit na marami silang pinagdaanan na mahirap. Isa siya sa magandang mabaon kasi tayo bilang mga lingkod, hindi naman siya parating smooth sailing. Hindi naman parating maganda ang nangyayari. Laging mayroon mga struggle pero behind those, kapag tayo ay patuloy na naging tapat sa Panginoon ay mas lalong pinapakita Niya ang Kaniyang katapatan sa buhay natin. Hindi tayo iiwan ng Diyos. Tayo ay laging maging handa na sumunod sa Panginoon.



Sis. Chrysantha Iniego
MISYON 2022 DELEGATE

Colossians 3:16 (NKJV)

Let the word of Christ dwell in you richly in all wisdom, teaching and admonishing one another in psalms and hymns and spiritual songs, singing with grace in your hearts to the Lord.



Isa sa mga natutunan ko ngayong misyon ito na babaunin ko habang buhay ay ang pagiging tapat natin dahil naniniwala ako katulad ng mga sinabi ng mga pastor natin na hindi talaga madali. Sa una, talagang sobrang hirap ng mga mararanasan mo sa paglilingkod pero ang katapatan mo sa Panginoon ang mahalaga. Anuman ang nangyari, hindi sila sumuko kaya ako rin, kung ang nararanasan ko ngayon o nararamdam, o pagsubok na dinadaanan ay magiging tapat ako dahil ang Panginoon ay tapat sa akin.



Sis. Christine Joy Demain
MISYON 2022 DELEGATE

Isa sa mga pinakanatutunan ko ngayong Misyon ay ang magpatuloy na maglilingkod upang ma-inspire ang ibang taong naglilingkod din sa Panginoon. Maliban sa na-bless ako, na-inspire din ako na magpatuloy. Iyon ang nagbo-boost pala sa akin na magpatuloy at dalhin ang mga aral na natutunan ko mula sa mga kwento nila sa mga susunod pang panahon.



Sis. Beatrice Vargas
MISYON 2022 DELEGATE

Ang pinakamahalagang natutunan ko rito ay iyong fellowship. Tulad din ng pakikipag-usap namin sa mga pastor dito, nakita ko kung paano sila na-inspire na magpatuloy sa paglilingkod noong narinig nila ang testimony ni Ptr. William. Para sa mga tao sa church, mahalaga talagang mayroon din tayong fellowship sa bawat isa. Nagiging kalakasan ng lahat iyong testimony ng mga pinagdaanan ng bawat isa. Dahil doon, nagiging instrumento tayo na magpatuloy din ang kapatiran sa paglilingkod nila sa Panginoon. Isa rin sa mga natutunan ko ay magkaroon din tayo ng puso na tumulong sa mga kapatiran natin katulad ng ginawa nating misyon ngayon kungsaan first time kong makasama. Nagagalak ako na makita iyong buhay ng iba pang Kristiyano na naglilingkod talaga sa Panginoon at tayo rin ay nakapagbahagi sa kanila ng mga tulong na magagamit din nila sa paglilingkod nila sa mga susunod pang panahon.



Sis. Ivy Cabus
MISYON 2022 DELEGATE





Na-bless ako sa mga co-worker ko sa UCF dahil hindi alintana ang layo ng puputahan pero nandoon ang heart sa pagmi-misyon. Ang paglilingkod, ang eagerness at ang init ng paglilingkod sa Panginoon ay fuel natin para magpatuloy sa paglilingkod sa bawat misyon. For sure, itong misyon na ito ay maraming blessing ang dala natin para sa mga pastor dito sa Catanuan. Na-encourage kami na magpatuloy kahit ano pa ang hirap, pagod sa ministry o ano mang struggle ng mga Kristiyano na katulad natin na naglilingkod sa Panginoon. Isang paraan ito upang lalo tayong maglingkod at lalo nating mahalin ang bawat kapatiran anoman ang kanilang church. Ibigay natin ang ating buong puso sa kanila. Salamat po dahil naging bahagi kami ng Misyon na ito. Glory to God!

Sis. Virgie Simon
MISYON 2022 DELEGATE



Ang nagpatuloy sa akin sa misyon na ito ay ang aking pananampalataya. Nakita ko ang kamay ng Diyos na gumanlaw sa mga taong nandirito ngayon sa Quezon. First time kong maka-attend sa misyon na ito pero ang galaw ng Diyos ay nakita ko. Sa mga pastor dito na ginamit ng Diyos, lalong na-touch ako dahil kahit malayo sila hindinila ininda dahil ang pananampalataya nila sa Diyos ay matibay kahit anong hirap ang dinaanan nila. Iyon ang nag-inspire sa akin na lalong magpatibay ng aking faith sa Diyos dahil sila nga kahit ang layo na nila sa siyudad ay hindi nila ininda iyon basta sila'y makapag-serve sa Diyos.

Sis. Nelia Tolentino
MISYON 2022 DELEGATE



I am super blessed lalo na nang marinig ko ang mga testimony ng mga pastor. Na-bless sila doon sa ginawa natin pero hindi nila alam mas na-bless tayo kasi napagpala natin sila and katulad nga nang sinabi ni Angel na iyong glory ay sa Panginoon pa rin dahil ang gawain na ito ay hindi naman dahil mabigyan ng karanganan ang church natin but to give glory sa Lord. Kagabi more than doon sa binigay natin na physical na bagay sa kanila, mas na-bless sila doon sa inspiration doon sabini gay na word ni Pastor William sa kanila. Super na-bless ako kagabi dahil ginamit tayo ng Panginoon and naparangalan ang Panginoon sa ginawa nating gawain.

Sis. Trisha Mae Dimaranan
MISYON 2022 DELEGATE



Sa Misyon na ito ay nakita ko ang mga hinaing ng mga pastor. Although, hindi sila part ng UCF ay na-encourage sila kung paano magpatuloy sa gawain ng Panginoon. Nakita naman natin base doon sa mga testimony nila na nandoon ang time na maggi-give up na sila dala na rin ng kahirapan. Nakita ko kung paano na-appreciate nila ang mga ginawa natin. Alam ko na hindi lang rito sa Bondoc Peninsula ganito ang kalagayan ng mga pastor. Alam ko rin na ang UCF ay very supportive sa mga church kahit na hindi man sila magkakasama mismo.

Bro. Zaldy Simon
MISYON 2022 DELEGATE



